Miracles ✦
LET HIM BE KNOWN

# Binuhay si Lazarus mula sa Kamatayan

WEEK 7

## WARM-UP

- Ano ang pinakamahabang oras na naghintay ka? Ano ang ginawa mo habang naghihintay ka?
- May bagay ba na gustong-gusto mo, na naiwala mo? Ano ang ginawa mo nang mawala ito?
- Ano ang bagay na matagal mo nang gustong gawin kahit noong bata ka pa? Ikuwento ito sa amin.

## WORD

*Sinabi ni Jesus sa kanya, "Ako ang bumubuhay sa mga namatay, at ako rin ang nagbibigay ng buhay. Ang sumasampalataya sa akin, kahit mamatay ay muling mabubuhay."* **JUAN 11:25**

(Basahin din ang **JUAN 11.**)

Ang pagbuhay ni Jesus kay Lazarus ay isa sa maraming himalang ginawa Niya. Tungkol ito sa isa sa pinakamahirap na pangyayari sa buhay—ang kamatayan. Ang sakit at kawalan ng pag-asang dulot ng kamatayan ay isang problemang hinaharap ng lahat. Nagdadala ng takot at sakit ang kamatayan, at ito ay isang bagay na hindi natin hawak. Sa talatang ito, ginawa ni Jesus ang imposibleng pagbuhay sa patay. Sa kwentong ito ni Lazarus, makikita natin kung paano ni Jesus napagtagumpayan ang kamatayan at naibigay ang pag-asa.

## 1 Namatay si Lazarus.

*[14]Kaya tinapat sila ni Jesus, "Patay na si Lazarus. . . ." [17]Nang dumating si Jesus sa Betania, nalaman niyang apat na araw nang nakalibing si Lazarus.* **JUAN 11:14, 17**

Wala nang buhay si Lazarus nang pumunta si Jesus sa kanilang lugar. Ngunit hindi agad-agad binuhay ni Jesus si Lazarus—gusto Niya munang makasama ang mga tao. Nang makita Niya si Maria, at ang mga Judio na kasama niyang nagdadalamhati, *nabagbag ang puso ni Jesus at naawa siya* (Juan 11:33). Tunay ang sakit ng pagkawala ng isang minamahal, ngunit gayon din ang kaginhawahang kaloob ni Jesus. Paano ipinakita ni Jesus ang Kanyang awa habang nagdadalamhati ang mga tao (Juan 11:35)?

## 2 Binuhay ni Jesus si Lazarus.

*[43]Pagkasabi niya nito, sumigaw siya, "Lazarus, lumabas ka!" [44]At lumabas nga ang namatay na si Lazarus na nababalot pa ng tela ang mga kamay at paa, at may takip na tela ang mukha. Sinabi ni Jesus sa kanila, "Kalagan n'yo siya at palakarin."* **JUAN 11:43–44**

Hindi binuhay ni Jesus si Lazarus noong oras na ipinahayag ang kanyang kamatayan. Naghintay pa Siya ng apat na araw para gawin ito. Naniniwala ang mga Judio na imposible nang buhayin ang patay makalipas ang apat na araw sa loob ng libingan. Ngunit nagawa ni Jesus ang imposible—binuhay Niya si Lazarus. Sinabi ni Jesus, "*Lazarus, lumabas ka!*" At biglang nabuhay muli si Lazarus. Pinalaya ni Jesus si Lazarus sa libingan at binigyan siya ng buhay. Sa talatang ito, makikita natin ang kaluwalhatian ng Diyos—ang tagumpay Niya sa kawalan ng pag-asa at sa kamatayan. Sa tingin mo, bakit binuhay ni Jesus si Lazarus sa ganitong paraan?

### 3 Si Jesus ang buhay at muling pagkabuhay.

*Sinabi ni Jesus sa kanya, "Ako ang bumubuhay sa mga namatay, at ako rin ang nagbibigay ng buhay. Ang sumasampalataya sa akin, kahit mamatay ay muling mabubuhay."* **JUAN 11:25**

Nang mabuhay muli si Lazarus, nagulat ang mga taong nakakita sa kanya. Naihayag ang katotohanan sa pamamagitan ng himalang ito: kay Jesus lamang matatagpuan ang buhay na walang hanggan. Kahit na ang lahat ay nahaharap sa katotohanan ng pisikal na kamatayan, sa pamamagitan ng pananampalataya kay Jesus, hindi natin kailangang katakutan ang kamatayan. Ang lahat ng nanampalataya kay Kristo ay muling bubuhayin at mabubuhay magpakailanman sa presensya ng Diyos. Sa pamamagitan din ng himalang ito ay dala ni Jesus ang pag-asa, gaano man kahirap o kaimposible ang sitwasyon. Siya lamang ang may kakayahan at kapangyarihang magbigay-buhay sa mga bahagi ng buhay natin na nakakaranas ng pagkatuyo o kamatayan. Paano naaapektuhan ng katotohanan ng muling pagkabuhay ang pamumuhay at pagtitiwala mo sa Diyos?

Sa pampitong tanda, ipinakilala ni Jesus ang Kanyang sarili bilang buhay na pag-asa sa gitna ng takot, sakit, at kamatayan. Ang pangakong buhay na walang hanggan at pag-asang dala ni Jesus ay nananatiling totoo para sa atin ngayon. Maniwala rin tayo na kayang buhaying muli ng Diyos ang mga bahagi ng buhay natin na natuyo na.

## APPLICATION

- Kahit mamatay din naman tayo sa kalaunan, mararanasan natin ang kapayapaan at kapangyarihan ng Diyos sa kamatayan kung naniniwala tayo sa Kanya. Paano nakaapekto sa buhay mo ngayon ang katotohanan tungkol sa muling pagkabuhay?
- May mga sitwasyon ba sa buhay mo na tila walang pag-asa o buhay? Hilingin sa Diyos na gawin Niya ang imposible at bigyan ka ng bagong buhay na nagmumula sa Kanya.
- Isipin ang isang taong hindi pa natatanggap ang buhay na matatagpuan lamang kay Jesus. Paano ka magiging patotoo ng pag-asa at liwanag ni Jesus sa kanya ngayong linggo?

## PRAYER

- Magpasalamat sa Diyos na walang imposible kay Jesus. Manalangin na bigyan ka ng Diyos ng pusong umaasa sa kabila ng mga mahihirap at tila imposibleng sitwasyon.
- Humingi ng biyaya sa Diyos upang makapamuhay ka sa liwanag ng pag-asang dala ni Jesus. Manalangin na bigyan ka Niya ng kapayapaan at kaligayahan sa kabila ng kawalan ng katiyakan at takot.
- Humingi sa Diyos ng mga pagkakataon upang maibahagi ang buhay ni Jesus sa iba. Ipanalangin na magkaroon ka ng tapang na magsalita upang palakasin ang loob ng mga taong nangangailangan nito ngayong linggo.

VICTORY
Honor God. Make Disciples.

© 2023 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Mga naging bahagi sa pagbuo ng babasahin: Leo Angcajas Jr., Esther Suson

victory.org.ph